# PAGHUBOG SA KAKAYAHAN NG PAMPUBLIKONG PAGSASALITA

*by:*
**Annalyn F. Bagtas**

Maraming kasanayan ang nahuhubog ng mga mag-aaral sa kanilang eskwelahan. Ang ilan sa mga ito ay madali lamang matutunan kung tutuusin ngunit ibahin ang kakayahang magsalita sa harap ng maraming tao. Isa ang pampublikong pagsasalita sa maituturing na pinakanakatatakot gawin para sa mga mag-aaral (Agustin, 2013). Kinakailangan kasi na matutunang mangumbinsi, makahikayat, at magpahayag nang may paninindigan. Sa totoo lamang, hindi mahirap na maging maalam sa pagsasalita sa mas malawak na entablado. Maayos na paghahanda lamang ang kailangan at magiging tila natural na kakayahan lamang ito.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Nagsisimula ang paghubog sa kakayahang magsalita sa harap ng maraming tao sa loob ng silid-aralan. Maraming mga gawain tulad ng debate at talumpati ang puwedeng gawing panimulain upang maging magaling ang mga mag-aaral sa pagsasalita. Bago sumalang sa mga ganitong Gawain, nararapat na mayroong sapat na paghahanda ang mga kalahok (Meditation Oasis, 2023). Kabilang sa mga paghahanda ay ang paglalaan ng sapat na oras upang pakalmahin ang sarili at unawain ang talumpati na itatanghal sa harap ng mga manonood, pagbuo ng maayos na estruktura ng itatanghal, at paghahanda na sagutin ang mga posibleng katanungan kung sakaling sa isang forum ang presentasyon.

Maliban sa paghahanda, isa rin sa aspetong dapat pagtuunan ng pansin ay ang pagsasanay na gawin ang pagsasalita sa harap ng publiko. Mainam na simulan ito sa mas kakaunting manonood tulad ng pagsasagawa ng peer presentation o mga katulad nito.

Sa ganitong paraan kasi, mas mahuhubog ang pagsasaayos ng tono, ekspresyon, pati na ang pagkontrol sa nerbiyos.

Panghuli sa mga dapat gawin ay humingi ng feedback o opinion mula sa iba katulad na lamang ng mga guro. Isa ang feedbacking sa pinakaepektibong paraan upang matukoy ang mga kakayahang dapat pang palaguin at alin ang kailangan na lamang ng hindi gaano kalaking pagsasaayos. Ang kritisismo mula sa ibang tao ay makatutulong na mas galingan pa ang pagsasalita sa harap ng maraming manonood.

Bilang suporta sa mga mag-aaral na nagnanais na sanayin pa ang kanilang kakayahan na magsalita sa harap ng mga tao, makatutulong ang inisyatibo mula sa mga paraan tulad ng pagsasagawa ng mga seminar o workshop tungkol sa talumpati, debate, at iba pa. maganda ring magkaroon ng sariling Speech at Debate Club ang mga paaralan dahil ito ay magsisilbing unang hakbang upang mapagtibay nila ang pundasyon ng nasabing kakayahan. Makakukuha din sila ng inspirasyon mula sa mga tagapagsalita na maaaring imbitahan upang mas lumakas pa ang loob ng mga estudyante sa pagsasalitang pampubliko.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang kakayahang makapagsalita sa harap ng malaking bilang ng mga manonood ay isang bagay na magagamit hindi lamang sa eskwelahan bagkus ay maging sa lipunan at sa propesyunal na aspeto (Ng, 2022). Mainam na habang maaga ay mahubog ito at mahikayat ang mga mag-aaral na ilabas ang kanilang kumpiyansa na mangumbinsi at magpahayag sa harap ng ibang tao. Sa tamang paghahanda, pagsasanay, feedbacking, at pagsuporta ng mga eskwelahan, mapalalakas ang kakayahang ito ng bawat Pilipinong mag-aaral.

*References:*

Agustin, I. (2013). Pampublikong Pagsasalita. Kinuha nokng Nobyembre 16, 2023 mula sa https://www.scribd.com/doc/165932511/Pampublikong-Pagsasalita

Ng, J. (2022). Ano ang Public Speaking? Mga Uri, Halimbawa, at Mga Tip? Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://ahaslides.com/tl/blog/public-speaking-types-examples-and-tips/

Meditation Oasis (2023). Pampublikong Pagsasalita. Kinuha noong Nobyembre 16, 2023 mula sa https://mindfulharmonyoasis.com/tl/pampublikong-nagsasalita/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan